IONIC CEMENTWORKS INDUSTRIES, INC.
No. 40 San Miguel Avenue, Mandaluyong City
Phone No. (02) 8702-4833

SMC INFRASTRUCTURE
PAREX PASIG RIVER EXPRESSWAY CORP.

# PROJECT PRESENTATION THROUGH
# **FOCUS GROUP DISCUSSION (FGD)**
# TO THE STAKEHOLDERS REGARDING SUMAGUI RIVER DREDGING PROJECT

BRGY. SUMAGUI, MUNICIPALITY OF BANSUD
ORIENTAL MINDORO

**ISSUES / CONCERNS TO BE INCLUDED IN THE SCOPE OF THE EIA STUDY**

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
| --- | --- | --- | --- |
| 1. Project Description | Ano ba yang dredging na narinig namin sa Barangay na proyekto daw eto ng Probinsya ng Oriental Mindoro? | **Myrna Casapao** - asawa ng mangingisda (Aplaya) | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:**<br>Ang dredging po ay pagtanggal ng barang buhangin, bato at ibang mga haring o bara sa bunganga o wawa ng ilog na siyang nagdudulot ng mga pagbaha sa tuwing sasapit ang tag-ulan lalo kung merong bagyo. Kasabay neto ang pagsasaayos ng ilog upang maiwasan na ang mga pagbaha na nakakapinsala.<br><br>Meron po inilabas na programa ng ating gobyerno na DENR Administrative Order 2019-14 para isaayos ang lahat ng ilog sa Oriental Mindoro sa pamamagitan ng "Dredging" na may 5 sangay ng gobyerno na kinabibilangan ng PGOM, DPWH, DENR, EMB at MGB na tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) at ang butihing Gob. Dolor ang Chairman na magtutulungan upang maisakatuparan ang pagsasaayos ng iyong mga ilog at kabilang po ang Sumagui River dito kaya suportahan po natin at para din po eto sa kapakanan ng mga nakatira malapit sa ilog at mga taniman na maaring magdudulot ng malalim at nakakapinsalang pagbaha. |
| | Ano ang gagawin sa mga nakuhang buhangin at saan ito dadalhin? | **Jimmy Rivera** – Bansud Municipal Administrator | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:**<br>Eto po ay gagamitin ng Ionic Cementworks Industries, Inc. and PAREX Corp. sa kanilang mga proyekto tulad ng Pasig River Expressway (PAREX), Aerocity sa Bulacan at iba pang mga |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | proyekto ng gobyerno tulad ng reclamation, tulay, pier at mga kalsada. Reclamation sa Pasay, Navotas at Cavite ang ilan sa mga posibleng pagdalhan kapalit ng serbisyo ng pagsasa-ayos ng ilog dahil alam naman natin na malaki ang gastos upang isaayos ang isang ilog kaya eto ay ipinasa ng ating gobyerno sa mga pribadong kumpanya. |
| 2. Land | Gaano kalalim at ang lawak ng huhukayin ninyo? | **Analiza Magbinay** – Tindira ng isda | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Ang lalim po ng dredging ay 2-3 meters dahil ang aming Cutter-Suction Dredger ay merong mga control para eksakto ang sukat ng lalim na huhukayin at ang lawak naman ay naglalaro sa 20 meters (Bottom Width and Slope 1V:1H) ayon sa Dredging Plan na itinakda ng DPWH kung saan masusing pinag-aralan at dinisenyo ng mga engineer at experts na naaayon para sa Sumagui River. |
| | Kapag hinukay po ninyo ang ilog ng mga 2-3 meters eto po ba ay hindi guguho? Dahil alam naman natin na malambot ang lupa sa gilid ng ilog | **Leonard C. Magtibay** – Barangay Chairman | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Kapag nagsimula po ang dredging activities ng IICI / PAREX ay laging naka-antabay ang DPWH MIMAROPA sa kanilang dredging operation at kung kinakailangan na lagyan ng gabion wall o slope protection para hindi gumuho ang pampang or riverbanks, eto po ay susundin at lalagyan ng naa-ayon sa plano at desenyo ng DPWH. |
| | May mga nabasa at napanood ako sa Facebook na nung nagkaroon ng dredging sa ilog nila ay lalong lumawak ang kanilang ilog dahil sa kagustuhan ng mga investor na | **Niño Salcedo** – Seaman of Sitio Aplaya, Sumagui | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Eto ay proyekto ng ating gobyerno na ka-partner ang private sector para isaayos ang Sumagui River. Kayo po ay magiging taga-bantay kung |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | makakuha ng mas maraming buhanging, yan po ang aming pangamba na mangyari din dito sa Sumagui River. | | sakaling lumagpas ang IICI at PAREX sa itinakdang coordinates ng EMB MIMAROPA at DPWH ay pwede nyong isumbong sa mga kinauukulan.<br><br>Magsuggest po ako sa IICI at PAREX na maglagay ng mga visible markings na nakasulat ang coordinates doon para mas madaling makita ng publiko kung sila ay lumalagpas na sa approved dredging area.<br><br>Kaya nagkaroon po ng JMC No. 01-2019 at DAO No. 2019-04 na solusyon ng DPWH na makipagtulungan din sa IAC. Ang nangyari po doon ay over dredging at walang approved dredging plan kung saan lumawak at gumuho ang mga ilog |
| 3. Water | Bakit po meron pang Navigational Zone kung yung ilog naman ang dapat may dredging? | **Lerma M. Delgado** – Sumagui Barangay Secretary | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Maganda po yung tanong ninyo Maam Lerma, kaya po merong navigational zone kasi po barado na po ang bunganga o river mouth ng mga buhangin at iba pang mga sediment na siyang sanhi ng baha dahil hindi na makalabas ng mabilis at maayos ang dalang tubig ng ilog na papuntang dagat o Tablas Strait. Uunahing lang pong tanggalin ang mga bara sa bunganga para deretso ang daloy ng tubig ng ilog at saka huhukayin ang Sumagui River sa tamang lalim at lawak neto. |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | Kapag nag-operate na ang dredging nandyan po yung inyong mga dredger, barges at iba pa sa paligid ng dagat, paano na po yung aming daanan ng mga bangka papuntang laot baka kami ay pagbawalan na o di kaya kami ay mabangga lalo na kung gabi at madaling araw dahil madilim pa; | **Jerhel Baldera** – Mangingisda at fish vendor | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Maglalagay ng mga markers o buoy na merong mga ilaw kung hanggang saan lamang ang itinakda na coordinates sa ECC at makikipag-ugnayan ng IICI at PAREX sa Municipal Agriculture Office (MAO), Philippine Coast Guard (PCG), MARINA sa inyong mga mangingisda para alam nating lahat kung saan ang pwede at bawal na daanan ng ating mga bangka upang hindi magkaroon ng di inaasahang aksidente.<br><br>Bago mag-umpisa ang kanilang operation kayong mga mangingisda ay pupulunging kasama ang kinatawan ng MAO at IICI / PAREX upang ipaliwanag ang mga bagay-bagay tungkol sa inyong agam-agam;<br><br>Bibigyan o tuturuan yung mga apektadong mangingisda ng mga panibagong hanapbuhay sa pakikipag-ugnayan sa TESDA, DSWD at LGU habang inaayos natin ang Baclaran River. |
| | Kapag hinukay ba ang ilog di ba po eto ay lalabo, ang tanong ko po kung eto ba ay makaka-apekto sa aming mga mahuhuling isda at iba pang lamang dagat tulad ng suso, agihis, alimango, pusit? | **Ruel Meredor** – Mangingisda | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Ang paghuhukay ng dredging vessel ay talagang magdudulot ng paglabo ng ilog at dagat pero kami po ay maglalagay ng "Silt Curtain" o kulambo sa paligid ng dredging area para hindi eto kumalat at makapaminsala ng mga isda at iba pang lamang dagat. |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | Sa pagkaka-alam ko meron pong kondisyon sa ilalabas na ECC na magkakaroon ng quarterly monitoring at magtest ng "water quality" ng ilog at dagat upang masiguro natin na hindi eto makaka-apekto sa mga isda at iba pang lamang dagat sa Tablas Strait pati na rin sa Sumagui River. |
| 4. Air | **No question regarding AIR was asked during the FGD** | | |
| 5. People | Isa po sa mga agam-agam ng aking mga ka-barangay kapag nagsimula na ang dredging operation pano daw ang kanilang hanapbuhay na pangingisda at magsasaka dahil tiyak eto ay maapektuhan? | **Jaica Dela Cruz** – asawa ng mangingisda | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** Ayon po sa Local Government Code dapat 80% ng manggagawa ay dapat magmula o galing sa host community pero dapat sapat o akma ang kanilang kakayahan sa hinahanap ng kumpanya tulad ng Engineers, other technical person, Nurses, Heavy Equipment Drivers, Truck helpers / pahenante, Laborers para sa pagawa ng gabion walls, Time Keeper at iba pa. Maari po silang magbigay ng kanilang bio-data sa Barangay.<br><br>Meron po tayong tinatawag na Social Development Plan (SDP) na siya namang magbibigay ng assistance o tulong sa mga mamayan ng Barangay Sumagui tulad ng maliliit na negosyo (babuyan, manukan, sari-sari store, karinderia at iba pa) pwede rin po magkaroon ng scholarship para sa mga batang kelangan ng tulong sa pag-aaral, tulong sa mga programa ng Barangay. |
| | Mabibigyan po kaya kami ng trabaho diyan sa dredging? | **Christian Marin** – Security Guard | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:** |

| EIA Module | Issues/Suggestions raised by stakeholder | Sector or Representative who raised the issue or concern | Proponent's Response |
|---|---|---|---|
| | | | Ayon po sa Local Government Code dapat 80% ng manggagawa ay dapat magmula o galing sa host community pero dapat sapat o akma ang kanilang kakayahan sa hinahanap ng kumpanya.<br><br>Maari po kayong magbigay ng bio-data sa Barangay o sa mga kinatawan ng IICI at PAREX kapag nagkaroon na sila ng site office. |
| 6. Others | Kapag naman iyan ay pinatupad ng gobyerno wala na tayong magagawa kundi suportahan at tulungan na lang ang inyong proyekto. | **Genaro P. Ticong** - Barangay Kagawad | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:**<br>Ang pag-dredge ng Sumagui River ay programa ng ating gobyerno sa pagtutulungan ng PGOM, DPWH, DENR, EMB at MGB o tinatawag na Inter-Agency Committee (IAC) kaya suportahan po natin para na rin po eto sa ating kapakanan lalo na yung mga nakatira dito sa malapit sa ilog upang hindi nila maranasan ang malalim at nakakapinsalang pagbaha.<br><br>Salamat po sa inyong suporta sa proyektong eto. |
| | Meron pong mga tinanim na mga halaman sa tabi ng riverbanks ang taga-San Miguel daw po yun sa pamamagitan ng aming Barangay kaso po dapat merong Caretaker para siguradong buhay lahat e | **Genaro P. Ticong** - Barangay Kagawad | **Julius Marino O. Cariño – EIA Preparer:**<br>Ipapa-abot ko po sa IICI at PAREX ang tungkol sa inyong concern na tagapag-alaga / caretaker ng mga halaman. Nabanggit din po iyan sa amin ni PG ENRO Maximino Jumie, Jr. bago kami pumunta dito sa inyong Barangay.<br><br>Titignan di po namin sa mismong riverbanks upang ma-check ang kondisyon ng mga halaman doon. |

# COPY OF MATERIALS PRESENTED



Figure 1_ Satellite Image showing the geographical coordinates of the project area **(River – blue and Marine – yellow polygon, respectively)**.



Photo No. 1_Panoramic view of the river delta or the mouth of SUMAGUI RIVER using DJI Mavic 2 Zoom Drone. Note that the mouth or the river delta was stalled by silt materials or sediments that prevents the flow of the water including the river run materials to the receiving Tablas Strait.



Photo No. 2_Panoramic view showing that the banks and its vicinity is heavily vegetated.



Photo No. 3_Panoramic view of the SUMAGUI RIVER using DJI Mavic 2 Zoom Drone showing the contoured stream where some portions of its bank are protected with gabion walls to prevent overflow or flooding.



Photo No. 4_Panoramic view taken at the Steel Hanging Bridge connecting the Sitio Villa Pagasa and Sitio Aplaya showing eastern section of SUMAGUI RIVER with chest deep water according to locals. Without this dike it could potentially brought flooding hazard to the main road – Western Nautical Highway during rainy season.




Figure 2_Cutter Suction Dredger – Damen CSD 250, showing 2 spuds to position the dredger steadily.




Figure 3_Cutter Suction Dredger and barge.



Figure 4_Sample of Silt Curtain installation to contain disturbed water from polluting other parts of Tablas Strait that can damage or destroy marine habitat.







Figure 5_Gabion Wall to protect river banks from erosion and flooding hazard to the community and their crops.

# PHOTO DOCUMENTATION




Meeting with the Municipal Administrator Mr. Jimmy R. Rivera of the Municipality of Bansud regarding the proposed dredging of Sumagui River and the studies to be conducted within the river and marine area. MPDO Chief, Ms. Mediatrix Lusterio assisted our group for the Demographic Data needed for the EIS Report.




Courtesy Meeting Barangay Sumagui, Municipality of Bansud, Province of Oriental Mindoro.




Meeting with the Barangay Health Workers of Barangay Sumagui participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Sumagui River.




Stakeholders from Sitio Aplaya of Brgy. Sumagui mostly are fishermen participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Sumagui River. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.




Stakeholders from Sitio Aplaya of Brgy. Sumagui mostly are fishermen participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Sumagui River. They are all aware of the dredging project and given their insight as well as opinion without hesitation.




Stakeholders from Barangay Sumagui Mr. Ruel Meredor and Mr. Jerhel Baldera refused to show their face are fishermen participated with the Focus Group Discussion regarding the proposed dredging of Sumagui River. They guide me to the mouth of the river where the access was near shore of Tablas Strait about 1.5 kilometers from the existing community.

# Proposed Design for Public Participation

